ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

Taon 3 • Blg. 37 Enero 21-27, 2019 • P10.00

## MGA PAGKAIN SA FAST FOOD CHAIN SA CAVITE, LALAGYAN NG CALORIC CONTENT

pahina 2




## ANGEL LOCSIN, MAY TAKOT PERO PALABAN

## GO BATS EMPOWERMENT OF BARANGAY TANODS VS. DRUGS CRIME

pahina 4

## MOU FOR SILANG GREEN ENERGY PROJECT SIGNED

p. 5

## BANYERANG 'PUTOK NA ISDA' NALAMBAT SA BACOOR CITY

p. 7

## DOH, PSH LAUNCH PROGRAM TO CURB HYPERTENSION PREVALENCE

p. 11

## YAWYAN ROMBLON FIGHTERS SABAK SA NATIONAL KICKBOXING TRYOUT

pahina 6

## MAESTRA, HINATAW NG BOTE SA ULO NG OBRERO

p. 12

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136 / 0929-8127638

# MGA PAGKAIN SA FAST FOOD CHAIN SA CAVITE, LALAGYAN NG CALORIC C0NTENT

**PLANO ng Department of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) ang paglalagay ng caloric content sa mga kinakain sa mga fast food chain at restaurant sa Cavite.**

Ayon kay DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo, makikipag-ugnayan sila sa local government upang gumawa ng isang ordinansa upang maglagay ng caloric content sa mga pagkain sa lahat ng fast food chain at restaurant sa naturang probinsiya.

Layon nito na malaman ng isang tao sa pamagitan ng kanyang mga kakainin kung ilang calories content sa isang pagkain o inumin ang dapat nitong i-intake upang mapangalagaan niya ang kanyang kalusugan.

Paliwanang ni Janairo na nakahiligan na ng mga tao ang kumain sa mga fast food chain partikular ang French fries kung saan ito ay may 300 calories intake.

"Paano yan kung kakain ka ng tatlong beses na French fries, nangangahulugan na 900 calories content na ito, paano pa yung pagkain mo ng chicken at pag-inom ng soft drink eh ang required lamang sa katawan natin ay 1,200 calories intake per person/ day" ayon kay Janairo.

Dagdag pa ni Janiaro na isa itong awareness sa tao, dahil kung kakain siya, malalaman niya kung ilang calories content ang required niyang i-intake sa kanyang katawan o yung tinatawag na BMI (body map index) at makokontrol niya ito.

Positibo si Janairo na mai-implement ito dahil bukod sa isa itong necessity ay lumalabas sa data na malala ang problema ng environment health sa Cavite. **GENE ADSUARA**

# Rider patay, angkas sugatan

**MINSAN** pang napatunayan na walang ididulot ang pagmamaneho ng lasing nang banggain ng isang motorcycle rider at angkas nito ang isang pampasaherong jeepney at tumama sa poste ng Meralco na nagresulta sa kamatayan ng rider sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Philippine General Hospital ang biktimang si Mohamad Sultan, 26, binate, ng Brgy. F. Reyes, GMA, habang ginagamot naman sa CARSIGMA Hospital ang angkas nitong si Raymond Perez, 27, ng Brgy. F. Reyes, GMA, Cavite.

Kinilala naman ang driver ng pampasaheong jeepney (DXC 363) na si Anthony Rojo, 53 ng Block 1 Lot 12 Brgy Elises, GMA.

Sa ulat ni PO2 Bobbie Balazo, ng GMA Municipal Police Station, minamaneho ni Rojo ang kanyang pampasaherong jeepney habang binabagtas ang Congressional Road sa Brgy. Elises, GMA dakong alas-3:15 ng madaling araw at nakabuntot naman ang minamanehong motorsiklo ni Sultan at angkas nito nang pumihit pakaliwa ang driver ng jepney dahilan upang mabangga siya ng motorsiklo ng biktima at dumiretso sa poste ng Meralco kung saan tumama ang katawan nila.

Pinaniniwalaang nakainum ang dalawa habang nagmamaneho ng motorsiklo.

Dinala ang dalawang biktima sa CARSIGMA Hospital sa GMA, Cavite subalit dahil sa malalang lagay ni Sultan kaya inilipat siya sa PGH kung saan siya binawiaan ng buhay, habang inaresto naman ang driver ng jeepney at nahaharap sa kasong Reckless Imprudence resulting in Homicide. **GENE ADSUARA**

## Yes, There's Life After Retirement:

# Kumikitang Kabuhayan ng mga Lolo't Lola ng Tanza, Navotas City

**By Earl Matthew SD. Sabile**

Tuwing sasapit ang panahon ng Kapaskuhan, sagana ang iba't ibang negosyo, maliit man o malaki. *Peak Season* ika nga kung ituring ang panahong ito, lalo na at naghahanap ang mga tao ng magaganda at kakaibang mga bagay para ipangregalo.

Kabilang sa mga makabuluhang produktong pwedeng-pwedeng ipangregalo ngayong Pasko o maging sa ibang okasyon ay ang mga likha ng senior citizens ng Tanza, Navotas City. Kaya't malaki ang pasasalamat ng mga senior citizens ng Barangay Tanza Office of Senior Citizens Affairs (OSCA) sa ibinibigay na tulong sa kanila ng Department of Science and Technology-National Capital Region (DOST-NCR).

Pagpasok pa lamang sa kanilang opisina, bubungad na ang iba't ibang tela at ang ilang makinang panahi. Abalang-abala ang mga tao sa paggawa at pagtatapos ng mga order para sa Kapaskuhan. Ayon sa mga masisipag na lolo't lola, hindi na nila kailangan pang pumunta kung saan-saan para ilako ang kanilang produkto, dahil sila na mismo ang pinupuntahan ng mga parokyano sa kanilang opisina upang mamili. Biro nila, sa ganda ng takbo ng kanilang negosyo, at sa bilis ng pag-asenso ng pananahi ng mga senior citizens ng Tanza, ay mukhang kakailanganin na raw nilang mas palakihin pa ang kanilang opisina.

Sa kasalukuyan ay 20 mananahi ang direktang nakikinabang sa proyektong ito. Karamihan sa kanila ay nagtatrabaho sa sarili nilang mga tahanan at sa sarili nilang bakanteng oras. Kabilang sa mga produktong tinatahi nila ang mga punda ng unan, kobrekama, kurtina at maging mga T-shirt. Naglalaro ang kanilang presyo mula sa 30 pesos para sa punda ng unan, hanggang 450 pesos para sa magandang klase ng kobre-kama. Ang kinikita mula sa bawat produkto ay hinahati sa tatlong bahagi: humigit-kumulang 70 porsiyento ang ibinabalik bilang puhunan, 25 porsiyento ang napupunta sa mananahi, at ang natitirang 5 porsiyento ay napupunta sa OSCA para sa mga gastos sa operasyon ng opisina.

Ayon kay Gng. Violy Reyes, presidente ng Barangay Tanza Senior Citizens Chapter, *"Napakalaking bagay ang naitulong sa amin ng DOST. Hanggang ngayon, mayroon pa rin silang itinutulong sa amin. Una, binigyan kami ng makina; ngayon pati materyales binigyan na rin kami. Hanggang ngayon kumikita kami. Nakakatulong ito nang malaki sa mga mananahi at sa mga kapwa ko senior."*

Taong 2016 nang ipagkaloob ng DOST-NCR sa Barangay Tanza Senior Citizens Chapter ang ilang makinang panahi: tatlong single needle high-speed sewing machines, at tigiisang edging machine, computerized embroidery machine, at cutting machine. Ang mga nasabing makina ay patuloy pa ring nagbibigay-tulong-pinansiyal sa mga senior citizens ng Tanza kahit pa nga sila ay mga retirado na.

Nito lamang buwan ng Disyembre ay muling binigyan ng tulong ang mga senior citizens ng Tanza sa pamamagitan ng mga karagdagang tela at materyales na magagamit nila sa kanilang mga likhang produkto. Ang lahat ng mga ito ay bahagi ng programa ng DOST na Community Empowerment thru Science and Technology o CEST na naglalayong makapagbigay ng kabuhayan at makatulong sa pagbawas ng kahirapan sa mga komunidad sa pamamagitan ng siyensiya at teknolohiya.

Dagdag pa ni Gng. Reyes, *"Ginugol ko ang buhay ko para rito (sa organisasyong ito). Wala na akong iniisip kundi diyan na lang sa mga senior. Pero umuuwi ako nang masaya... nagtatrabaho kami habang nagtatawanan lang, naglilibang, pero pagkatapos, aba!, mayroon na kaming pera. Para sa akin, hindi dapat yung umaasa lang ang mga matatanda sa bahay. Ang dapat ay iniisip natin kung ano pa ba ang magagawa natin habang malakas pa tayo. Mag-o-otsenta na ako sa March, pero natutuwa ako at pinapayagan pa rin ako ng mga bata kasi nakikita nilang nag-e-enjoy ako. Pakiramdam ko ay may silbi pa ako; at kahit may edad na, tuloy pa rin ang buhay."*




Ilang miyembro ng Barangay Tanza OSCA







Si Gng. Violy Reyes (gitna), kasama ang ilang mananahi ng OSCA

Tunay ngang tuloy at higit pang makabuluhan ang buhay para sa mga lolo at lola na kasapi sa Barangay Tanza Senior Citizens Chapter ng Navotas City. Nguni't ang CEST ay isa lamang sa mga programa ng DOST para sa iba't ibang sektor ng lipunan. Bawa't isang sektor ay may naghihintay na mas magandang bukas sa tulong ng teknolohiya at inobasyon, lalo pa nga't nagbukas na ng sangay* ang DOST-NCR sa iba't ibang bahagi ng Metro Manila.

(Ang DOST-NCR CAMANAVA Cluster Office ay pinangungunahan ni G. Warren Gomez at matatagpuan sa City of Malabon Polytechnic Institute Campus, Gov. Pascual Ave., cor. A. Reyes St., Barangay Baritan, Malabon City. Maaari rin silang tawagan sa numerong (02) 571-0403).

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Rider na lasing at walang lisensiya, dapat bang posasan?

PAGTUNTONG ng alas dose ng hatinggabi nitong Linggo (Enero 13) ay simula ng implementasyon ng Commission on Elections gun ban nationwide.

Sinabayan ito ng paglalatag ng checkpoint ng kapulisan sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Para kay Philippine National Police chief Director General Oscar Albayalde ay tagumpay at mapayapa ang unang araw.

Sinusulat ko ito ay nasa 4,447 checkpoint operations ang isinagawa sa buong bansa.

Nagresulta ito sa pagkaaresto sa 25 katao at pagkumpiska sa 27 firearms, 168 rounds ng ammunition, pitong bladed weapons, at 22 gun replica.

Pati droga ay mayroong nakumpiska sa mga naturang operasyon.

Umabot sa 70 sachets ng hininihinalang shabu at dalawang glass pipe na may marijuana.

Asahan na rin naman natin na nagkakaroon ng madugong eksena at sa mga unang bugso pa nga lamang ay naitala na ang tatlong patay sa checkpoint operations.

Mahaba-haba ang election period kaya hindi na tayo magtataka sa paglobo ng bilang na mahuhuling lalabag sa gun ban.

Ang sabi ng ating kapulisan, ang mababang bilang na naitala sa unang araw ng election period ay pagpapakita at patunay na ganap ang kaalaman ng mga tao sa ipinapatupad na gun ban.

Ibig bang sabihin nito ay hindi alam ng mga nahuli na mayroon ng gun ban?

Komento ng ilang nakausap natin na 'tanga' raw ang magdadala ng baril at droga sa mga ganitong panahong mahigpit ang pagpapatupad ng checkpoint.

May katwiran ang mga 'mokong' hahaha…

Lalo at tiniyak ng PNP na lalo pa nilang papaigtiingin ang seguridad sa mga ipapatupad nilang checkpoint para hindi makakalusot ang sino mang may bitbit na armas, improvised explosive device at iba pang mga ipinagbabawal na armas.

Argabyado nga lamang sa mga checkpoint ang mga nagmamaneho ng single motorcycle.

Kung tutuusin 'ika nga ng nakakarami ay mas nakakalamang ang mga tunay na kriminal na nasa loob ng sasakyan kumpara sa nakamotorsiklo.

Sige nga, halimbawang ikaw ay may bitbit na baril ay magagawa mo pa bang magmotor?

Siyempre mas pipiliin mong sasakyan ang iyong gagamitin, iyan ay kung may kotse ka.

Kung wala ka namang sasakyan, sabi nga ng mga 'mokong' ay tanga ka na magdadala ng baril habang nakamotorsiklo.

Naaalala ko iyong aking nakita o napanood sa video na naka-post sa facebook.

Isang nagmamaneho ng motorsiklo na pinahinto sa checkpoint na kalaunan ay nalamang walang driver's license at nasa impluwensiya pa ng alak.

Ang rider na lasing at walang lisensiya ay inutos ng opisyal sa kanyang mga pulis na posasan.

Tama po ba iyon? Ganoon lamang ang kaso subalit kinabitan ng posas na parang isang tunay na kriminal.

# EDITORYAL

## Kaligtasan ng mga mananakay

**PINAGTATALUNAN kung ang 'Angkas' ba ay tama o makatwiran bilang bahagi ng pampublikong behikulo.**

**Kung sina BUHAY Party-list Rep. Lito Atienza at Negros Oriental Rep. Arnulfo Teves ang tatanungin, para sa kanila ay malaki ang naitutulong ng Angkas sa mga mananakay.**

**Pinuna ang kaluwagan ng pamahalaan sa ride sharing app na Grab at Uber kaya ang sabi ay ganoon din umano dapat ang trato sa Angkas.**

**Ano po sa inyong palagay, tama ba ang pananaw ng mambabatas?**

**Sinasabing ang main concern dito ay ang kaligtasan ng mga mananakay.**

**Pero tinitiyak ng Angkas na mahigit 90 porsiyentong ligtas ang mga gumagamit sa kanilang serbisyo dahil sumailalim sa mahigpit na pagsasanay ang mga driver nila bago pinayagang makabiyahe.**



**AWARDING OF 4TH QUARTER TOP 5-S IMPLEMENTERS:** Top offices of the Provincial Government of Cavite with the highest ratings for the 4thQuarter of 2018 Workplace Inspection received Certificates of Recognition during the Monday Flag Raising Ceremony on January 14, 2019 at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City. Governor Boying Remulla who led the simple rites, congratulated the awardees including the Provincial Housing Development and Management Office, Provincial Youth and Sports Development Office, Provincial Planning and Development Office, Office of the Provincial Governor and the Sangguninang Panlalawigan for consistently ensuring implementation of 5S programs in the workplace. The awarding was also witnessed by guests former DILG Secretary Rafael Alunan together with Gen. Arturo Lomibao, Gen. Edilberto Adan, Mr. Rafa Alunan and Mr. Gabo Ignacio of One Philippines, thanking the governor for the warm welcome while delivering his message with focus on national unity to protect the people and rebuild the nation. **(PICAD)**


ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **roneied@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.***

# GO BATS EMPOWERMENT OF BARANGAY TANODS VS. DRUGS CRIME

**CAVITE — Former Special Assistant to the President (SAP) Christopher Lawrence "Bong" Go on Tuesday cited the need to empower barangays by allowing them to hire more tanods (village watchmen) as they need.**

"Minsan, kulang talaga ang tanod para mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa isang lugar, lalonglalo na sa mga malalaking barangay at sa mga lugar na sadyang mas maraming kaso ng droga at krimen," Go said during the Ugnayan sa Barangay event held at Barangay Queens Row Central in Bacoor City, Cavite.

Go said he acknowledges that the maximum allowable number of tanods per barangay, currently limited by existing laws, may be inadequate to tackle the needs of various communities.

Go is also pushing for a Magna Carta for Barangay Officials that he vows to push for in the Senate.

For barangay workers and officials, Go said they deserve to have the same benefits that other government employees receive.

"Plano kong asikasuhin na mabigyan kayo ng tamang suweldo at mga benepisyo para mapadali ang pagharap ninyo sa mga pangangailangan ng tao," Go said.

Go was welcomed by the entourage of former Cavite Governor Juanito Victor "Jonvic" Remulla, Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla, other provincial government officials, local leaders, and residents of Bacoor city.

Apart from discussing the needs of those serving their barangays, Go said a Malasakit Center will soon be opened in Cavite to serve local patients in need of quick medical and financial assistance.

"Magkakaroon talaga kayo ng Malasakit Center dito sa Cavite," Go told event attendees.

"Kung may Malasakit Center na po kayo sa loob ng ospital, sa iisang kuwarto, (naroon) na po 'yung representative ng DOH, DSWD, PAGCOR PSCO, at PhilHealth," Go added.

The Malasakit Center is a one-stop shop initiative started by the former presidential aide and President Rodrigo Duterte where affordable and quality healthcare services are made accessible to everyone.

In the center, satellite offices of Philhealth, DOH, DSWD, PCSO, and other relevant government agencies are housed in one location, making application and processing faster and easier for patients in need.

If elected to the Senate, Go said he would legislate for the establishment of Malasakit Centers in more provinces and urban centers throughout the country.

Go also guaranteed local officials and residents of Barangay Queens Row Central that he would continue serving as the people's link to President Duterte.

"Gaya ng sinabi ni Governor Remulla, ako po 'yung maging tulay ninyo kay Pangulong Duterte," Go said.

"Asahan niyo po, 'yung Cavite po, pagdating ng panahon, di po kayo mapapabayaan: sa proyekto, sa atensyon, sa lahat po," Go added.

Among the former presidential aide's legislative agenda include programs on agriculture, housing, improved health service delivery, education, long-term sports development, localized peace talks, anti-drug and crime drive, anti-corruption drive, fire protection and prevention, creation of a Department of OFWs, as well as the creation of an office for senior citizen concerns. ***(PR)***



**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 16**
**CAVITE CITY**

**IN RE**: THE MATTER OF SETTLEMENT OH ESTATE OF THE DECEASED JOSE JIMENEZ WITH PRAYER FOR THE ISSUANCE OF A LETTER OF ADMINISTRATION IN FAVOR OF EDUARDO JIMENEZ AND ARNEL JIMENEZ AND THE ISSUANCE OF A TEMPORARY RESTRAINING ORDER AND/OR WIT OF PRELIMINARY INJUCTION

**EDUARDO JIMENEZ and ARNEL JIMENEZ,**
Petitioners,

**SP. PROC. NO. N-8983**

X————————————————————x

**JOSEPHINE JIMENEZ, FREDECITA JIMENEZ MORFE, NORBERTO JIMENEZ, EDUARDO JIMENEZ, ERLINDA JIMENEZ RICAFRENTE, ARNEL JIMENEZ, ARMANDO JIMENEZ, ARLAN JIMENEZ, ARDIN JIMENEZ, ARCHIE CHAN, MARICEL JIMENEZ, JILL JIMENEZ JR., JAYSON JIMENEZ, MA. JESSA JENNIFER AUNZO, JAQUELINE JIMENEZ, CHERYL JIMENEZ, JORDAN JIMENEZ AND MENCHIE JIMENEZ PERNO,**
Necesssary Parties
(all heirs of Jose Jimenez)

x————————————————————x

**MARTINA MENDOZA,**
Necessary Parties
Alleged wife of Jose Jimenez in (TCT) No. RT-1842/RT-1150

x———————————————————--x

**FREDECITA JIMENEZ-MORFE,**
**FRELENE MORFE LAURENTE,**
**Respondents.**

x————————————————————x

**NOTICE OF HEARING**

A verified petition was filed by Eduardo Jimenez and Arnel Jimenez, praying that after due notice and publication, an order be issued for the settlement of estate of Jose Jimenez and for the issuance of letters of administration and for the issuance of a Temporary Restraining Order and/or Writ of Preliminary Injunction.

It appearing that said petition is sufficient in form of substance, the hearing of this case is set on February 7, 2019 at 8:30 in the morning, on which date, hour and place, interested parties may appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation within the Province and the City of Cavite.

Furnish the Office of the Solicitor General, the Register of Deeds for the City of Cavite petitioner and the respondents with copies of this notice and petition.

**WITNESS** the Honorable AMY ANA L. DE VILLA-ROSERO, Acting Presiding Judge of this Court, this 17th day of December 2018.

**MARINELA M. RAMOS**
OIC, Branch Clerk of Court

**Publication: HANEP** January 7, 14 and 21, 2019

# Foreman, tinarakan ng tauhan

**TINIYAK** ng isang 33-anyos na obrero na matitigil na ang pambu-bully ng kanilang foreman sa kanyang mga tauhan nang pagsasaksakin hangggang sa napatay habang nat-utulog matapos ang inuman sa Silang, Cavite.

Hindi na umabot ng buhay sa Estrella Hospital ang biktimang si Ricardo Silao, 51, may-asawa, ng Brgy. Pulong Bunga, Silang, dahil sa tinamong saksak sa katawan ng suspek at tauhan nito na si Ramil Caneso, binate, ng Bry. Adlas, Silang.

Sa ulat ni PO3 Aries Mendoza, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-2:50 ng hapon nang nagkayayaang maginuman ang biktima, suspek at isang Marlon Gustillo sa loob ng isang Day Care Center na kanilang ginagawa sa Brgy. Pulong Bunga.

Sa kalagitnaan ng kanilang inuman nang nagtalo ang biktima at suspek hinggil sa kanyang sahod subalit naayos naman ito nang may namagitan sa kanila.

Nang natapos ang kanilang inuman ay nakatulog umano ang biktima sa isang upuang kahoy at dito nakahanap ng tiyempo ang suspek at kumuha ng kutislyo at pinagsasaksak ang biktima saka mabilis na tumakas.

Gayunman, sinundan siya ni Gustillo kung saan napadaan sila sa isang kasalan kaya sumigaw ang huli ng "sinaksak si Ramil" habang itinuturo ang tumatakbong suspek dahilan upang harangin sila nina Brgy. Councilor Arnold Patawe at BPATS Alex Javier na naroroon sa lugar at nagresulta sa kanyang pagkakaaresto.

Ayon kay PO3 Mendoza, may galit umano ang suspek sa biktima dahil sa reklamo nito sa kanyang suweldo at ang pambu-bully nito sa kanyang mga trabahador. **GENE ADSUARA**

# Ospital ng Imus fully operational by Jan. 24

**IMUS CITY, Cavite** — The city's public hospital, Ospital ng Imus (ONI), would be fully operational by Jan. 24.

An advisory from the city mayor's office said the hospital would start admitting patients to its 22 wards and 19 private rooms with 130 beds.

The PHP300 million, three-story hospital, which stands on a donated 4,000 square meter lot, had its soft launch on October 12 last year, with services limited to emergency and outpatient care.

ONI, a level 1 hospital with major and minor operating capabilities, provides ancillary services such as laboratory, x-ray, and ultrasound.

The new state-of-the-art hospital, the first public hospital in the district, aims to provide quality, affordable and accessible healthcare.

Dr. Edgardo Figueroa, hospital chief, will lead a team of at least 20 doctors, 25 nurses and 15 consultants, including specialists on its services.

There are also plans to construct a Medical Arts Building worth PHP35 million near the hospital. **(Gladys Pino-PNA)**

# MOU FOR SILANG GREEN ENERGY PROJECT SIGNED

**SILANG, Cavite — Waste management will no longer be a problem for this municipality after its local government signed a memorandum of agreement (MOU) with Trashtalk Phil. (Waste Management and Green Solution Inc.) for the implementation of a green energy project.**

Under the MOU forged on Tuesday, the investor Trashtalk will put up waste-to-energy facilities in Barangay Biluso for the biodegradable-to-energy plant that can be used by households, the national grid or independent power suppliers.

"It's a big help to our town. It will address the pressing waste problem of our town and the whole nation, as well," Mayor Lourdes 'Omil' Poblete said in an interview.

"We want the municipality of Silang to be the first local government unit to have a green energy project," she said.

Plant construction will start this month and is expected to be completed by the end of the year.

The green energy project will be undertaken in cooperation with the Department of Environment and Natural Resources, Department of Science and Technology, and Department of Energy.

Dr. Crispina Corpuz, consultant to the mayor, said when this project goes in full operation, it will reduce by 30 percent to 40 percent some 150 tons of waste collected and will save about PHP20 million of the PHP80 million annual budget on waste.

The LGU this year will disseminate information on the project to 64 villages of the locality so the municipality can comply with the tons of waste requirement for conversion into energy. ***(Dennis Abrina/PNA)***



**GREEN ENERGY PROJECT.** Silang, Cavite Mayor Lourdes 'Omil' Poblete and Avelia Lipata, Chief Executive Officer (CEO) of Trashtalk Phil. (Waste Management and Green Solution Inc.), together with Atty. John Erwin Reyes and Cory Poblete, signed a memorandum of understanding (MoU) for the Silang green energy project Tuesday at the Municipal grounds in town proper. ***(PNA Photo by Dennis Abrina)***

# PDEA eyes saving street children hooked on solvent

**QUEZON CITY (PIA) —** The Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) is eyeing on saving street children hooked on solvent with the launching of its "Sagip Batang Solvent" project soon.

PDEA Director General Aaron N. Aquino said "Sagip Batang Solvent" will rescue street children sniffing solvent and provide relief from their addiction so that they could become productive citizens in the future.

He said the primary objectives of the project include: saving children involved in illegal drug activities (CIIDs); provide shelter/facility to CIIDs; provide reformative and reintegrated interventions to CIIDs; and develop resistance to drug use among CIIDs; and change CIIDs to productive citizens.

"Just go around the thoroughfares of the metropolis and you see children sniffing inhalants like a normal display of feat," Aquino said.

The PDEA chief also said that the street children will be provided with reformative and reintegrated interventions like education, counselling, and values formation, skills development, livelihood and entrepreneurship training.

Besides rescuing solvent-inhaling street children, Aquino sees the project as one of the measures to prevent juvenile delinquency.

PDEA will establish a model reformation center for the rescued 'batang solvent' to be completed in February 2019. The pilot reformation center will be in a rented facility in Quezon City which will have bedrooms, mess hall, kitchen, comfort rooms, receiving and entertainment room, study room, library, multipurpose hall, music room, garden, playground, security and staff to manage the facility.

Aquino pointed that priority targets for this project are children (male and female) aged 10 years old and below, adding that PDEA aims to establish a reformation center in each of the regional offices nationwide.

Likewise, PDEA will tap other government agencies, local government units, non-government organizations, private sector and other stakeholders as partners in this initiative. **(PIA-NCR)**

# PRO 3 reshuffles 16 chiefs of police in Central Luzon

**CITY OF SAN FERNANDO, Pampanga (PIA) —** Police Regional Office 3 reshuffled a total of 16 chiefs of police in Central Luzon as election period begins.

"The revamp does not automatically mean that the chiefs of police are underperforming in their duties instead they have already stayed in their position for the maximum allowable period of two years," Police Regional Director PCSupt. Joel Napoleon Coronel clarified.

Nueva Ecija has the most reshuffled with nine followed by Zambales with four, Bulacan-two, and Bataan-one.

"We are adhering to the directives of higher headquarters and this movement was deliberated and approved by our Regional Oversight Committee, at the same time it is the nature of police work, especially police officials to be assigned to different fields to further test their capabilities," Coronel added.

"I also gave directives to all our provincial/city police offices to go 'tooth and nail' in our aggressive operations against criminals and gun-for-hire syndicates as well as stern implementation of gun ban to ensure the peaceful holding of credible and fair elections this May," the official furthered. **(CLJD-PIA 3)**

# Olongapo court places Hanjin under corporate rehab

**MANILA** — An Olongapo court has formally declared cash-strapped shipbuilder, Hanjin Heavy Industries and Construction Philippines Inc. (HHIC Phil.), under corporate rehabilitation.

In a four-page "commencement order" dated Jan. 14, Olongapo Regional Trial Court Branch 72 Judge Richard A. Paradeza acted on the firm's petition filed under Republic Act 10142, otherwise known as the "Financial Rehabilitation and Insolvency Act of 2010".

In the stay/suspension order, which formed part of the court directive, the Olongapo court suspended all actions or proceedings in court or otherwise for the enforcement of all claims against HHIC Phil. Inc.

It also "suspends all actions to enforce any judgment, attachment or other provisional remedies against HHIC Phil Inc.," and "prohibits HHIC Phil Inc. from selling or disposing (of) its properties except in the ordinary course of business", as well as prohibits the firm from making any payment of its outstanding liabilities.

The court also ordered the creditors, government agencies and all interested parties to file a comment on Feb. 8 and prohibited HHIC Phil. Inc.'s suppliers of goods and services from withholding the supply of the goods and services in the ordinary course of business for as long as HHIC Phil. Inc. makes payment for the said goods and services.

The court also authorized HHIC Phil. Inc. to pay its regular administrative expenses as they become due and ruled that contracts not confirmed in writing by HHIC Phil. Inc. within 90 days following the issuance of the commencement order shall be considered automatically terminated.

The firm located in Subic Bay in Zambales employed up to nearly 28,000 persons at its peak before financial woes forced it to trim down its workforce to around 20,000 last year.

Hanjin revealed that it has USD1.3 billion in outstanding loans — USD400 million from Philippine banks and USD900 million from South Korean lenders. ***(PNA)***

AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

**I, CECILLE BAYTA-COLEBROOK,** Filipino, of legal age, widow and a resident of Suite 704 Antel Seaview Tower C. 2626 Roxas Boulevard, Pasay City, under oath, hereby depose and say that:

**1**. I am the only legitimate surviving heir of **MULFORD JAY COLEBROOK**, who was my legitimate spouse/husband;

**2**. The aforementioned deceased died in the City of Pasay, Metro Manila, which was his residence at the time of his death, on August 18, 2018;

**3**. The said deceased died without leaving any will nor debts;

**4**. The deceased left a Bank Account in Banco de Oro at SM Hypermarket Adriatico Branch with the following Direct Deposit Account No.;

**a**. Account No. 104471163186 in the amount of US$ 4,037.53

**b**. Account No. 104470061304 in the amount of US$ 8.37

**c**. Account No. 4478000960 in the amount of PHP 873.56

**5**. By virtue of Rule 74, Section 1 of the Rules of Court, I hereby adjudicate to myself the entire estate above-described. Further I say none.

Executed and signed this 3rd day of January 2019 at Pasay City

**CECILLE BAYTA-COLEBROOK**
Affiant

**SUBSCRIBED AND SWORN** to before me this 3rd day of January 2019 affiant exhibiting her Non-Professional Driver's License No.N26-09023298 with expiry on 01 February 2023.

Doc. No. 10
Page No. 3
Book No. III
Series of 2019

**ATTY. HENRY D. ADASA**
Notary Public
City of Pasay
Valid until Dec. 31, 2019

**Publication: HANEP** January 7, 14 and 21, 2019

# HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

# YAWYAN ROMBLON FIGHTERS SABAK SA NATIONAL KICKBOXING TRYOUT

**Puspusan ang pagsasanay ng mga Pambato ng Yawyan Romblon na sina Dexter Fajilan Faeldonia at Kenneth Fortu Foja, sa nalalapit na pagsagupa sa National Kickboxing Try-out na gaganapin ngayong Pebrero 2019.**

Ang mapipiling manlalaro ay makakasali sa qualifying tournament at may pagkakataong makapaglaro sa 30th South East Asian Games ngayong November 30 hanggang Disyembre 11, 2019 na gaganapin dito sa Pilipinas na kung saan kasali ang kickboxing sa mga sports na napili sa ilalim ng category 3 #9.

Samantala ang kickboxing ay kauna-unahang masisilayan sa SEA Games ngayong taon, na naging bagong kaakibat na laro ng National Sports Association, sa ilalim ng WAKO Asia (World Association of Kickboxing Organization).

Habang dalawang pambato ng Yawyan Romblon ay nasa ilalim ng pagsasanay ni Maestro Bobby Flores, at mga guro Ernie at Gary Faeldonia na nasa kalinga ni Maestro Gene Del Rosario ng Yawyan Roskalyon Aklan Chapter.

Matatandaang pinalaganap ni Grandmaster Napoleon A. Fernandez ang Yawyan isang uri ng Filipino Martial Arts noong 1972.

Kaugnay nito nagkaroon ng sangay sa ibat ibang panig ng Pilipinas, at maging sa ibang bansa.

Isa sa mangangasiwa ng kickboxing tryout ay isa ring Yawyan na si Maestro Rennie S. Ross, multi-awarded Martial Artist Hall of Famer, ang founder ng Yawyan Kampilan. **(Marlon Bernardino)**

# CHESS EXHIBITIONS SA MAPUA ISASAGAWA NI GM EUGENE TORRE

**NAKATAKDANG** magsagawa si Asia's first chess grandmaster Eugene Torre ng simultaneous exhibition games bahagi ng Mapua Foundation Day sa Enero 26, 2019 (Sabado), dakong alas-onse ng umaga na gaganapin sa Mapua Institute of Technology (MIT) Gym sa Muralla Street, Intramuros, Manila.

Makakalaban ni Torre ang piling estudyante at alumni sa event na inorganisa at nagsilbing punong abala ang Mapua Filipino-Chinese Alumni Association sa gabay nina President, Edmond Aguilar at former President Victor Lau sa pakikipagtulungan nina Mapua head coach Boyet Tardecilla at Nelson Laroza Salazar, Board 1 ng Mapua Chess Team at miyembro ng 1st NCAA Chess Team Champion noong 1976.

Ang mga naimbitahan na 16 chess players na kumakatawan sa alumni at students ay sina 1) Nelson Laroza Salazar, Alumni (Sword & Castle), 2) Resito David, Alumni (CE-EnSe), 3) Alumni (FIL-CHI), 4) Alumni (EE), 5) Alumni (ECE-COE) 6) Paolo Angelo Garcia (ME), 7) Jaime Cacho, Alumni (CHE-CHM) based in California, USA and will participate thru chess.com, 8') Melchor Pilones (FACULTY-CE), 9) Kasparob Andres (EE) Varsity Sr., 10) Aldus Austria (IE) Varsity Sr., 11) Paul Relativo (GE) Varsity Sr., 12) Paolo Medina (K12) Varsity Jr., 13) Stephen Von Estavillo (K12) Varsity Jr., 14) Kenzo Suarez (K11) Varsity Jr., 15) Christian Thompson (K11) Varsity Jr. at 16) John Reggie Salinas (K11) Varsity Jr.

Sa 2010 edition na ginanap sa Mapua Library ay nakapagtala si Torre ng 14 Wins at 2 Draws (Nelson Laroza Salazar at board 3 player ng MIT team). **(Marlon Bernardino)**



**ANG** traditional na ceremonial toss na ginampanan ni Kuya Bong Go sa unang laro sa pagitan ng Ginebra at TNT KaTropa sa pagsisimula ng 44TH Season PBA Philippine Cup sa pagitan ng Ginebra at TNT KaTropa kasama sa larawan ang ibat pang board of governor at PBA Commissioner Willie Marcial na ginanap sa Philippine Arena, Bucaue. Bulacan. **(RGN)**



**SI PSC Chairman William Ramirez** habang kinakapanayam ng mga sports writer kaugnay ng gaganaping Batang Pinoy 2019 matapos ang MOA signing nito para hosting ng naturang okasyon na magaganap sa Davao Del Norte, Iloilo City at Ilagan, Isabela kung saan nakatakda namang magsimula sa darating na Pebrero at Marso taong kasalukuyan ng ganapin ang press conference sa PSC Conference room. **(RGN)**




**TUMALAKAY** si PSC Commissioner Celia Kiram kaugnay ng magaganap na 2019 SEA Games sa bansa kung saan ay may apat na venue na pagdaraosan ang Clark, World Trade, Subic at Philippine Arena maging women's sports PWD kasama sa larawan sina GAP President Cynthia Carreon at TOPS President Ed Andaya sa linggu-hang TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila.**( RGN)**



**NAKUHA** pang makapag spike ni Mapua University spiker Jonina Fernandez habang todo sa sabayang depensa ang dalawang manlalaro ng St. Benilde sa kanilang maaskyong laro sa NCAA Season 94 Women volleyball sa Fil Oil Flying V Arena San Juan wago ang St. Benilde ang Mapua University sa 3 set 25-16, 25-11 at 25-21 **(RGN)**

# BANYERANG 'PUTOK NA ISDA' NALAMBAT SA BACOOR CITY

**BANYERANG isda ang nasamsam ng mga miembro ng Bantay Dagat matapos na naaresto ang dalawang mangingisda habang nasa aktong gumagamit ng dinamita sa Bacoor City, Cavite.**

Hawak ng Bacoor police ang naarestong suspek na sina Jayson Reyes, 31, binate; at Gerry Tulipas, Jr., 28, binata, kapwa residente ng 42 M Rodriguez St., Brgy. Lahuerta, Paranaque City dahil sa reklamo nina Maximo Cadavis, Jr., 56; at Melchor Daigo, 56, kapwa miembro ng Bantay Dagat.

Sa ulat ni PO3 Alih Rimbang, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-3:40 ng hapon nang naaktuhan ng mga miembro ng Bantay Dagat ng Bacoor City habang nasa aktong gumamit sila ng dinamita habang nangingisda sa karagatan na sakop ng Bry. Talaba 2, na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Kasong paglabag sa RA 10654 ng Section 92A Fishing through Explosive ang isinampang kaso laban sa mga naarestong suspek. **GENE ADSUARA**

# Honest NAIA janitor lauded for returning money

**MANILA —** The Manila International Airport Authority (MIAA) on Wednesday commended a janitor at the Ninoy Aquino International Airport (NAIA) for bringing to the lost and found section an envelope containing US dollar bills.

A statement from MIAA said Jeffrey Almoguerra found an envelope with a "significant amount of US dollar bills" near the foreign exchange counter at the NAIA Terminal 1 on Tuesday.

The agency, however, could not disclose the amount since this would be asked from a possible claimant.

Almoguerra apparently reported the incident to a security guard, who accompanied him to the lost and found section. The dollar bills were counted and documented in their presence.

Almoguerra will be among the airport workers to be recognized by MIAA in a ceremony in February.

Every month, the agency recognizes NAIA employees for their honesty, efforts and accomplishments.

Since Almoguerra is an employee of Philcare Manpower Services, MIAA General Manager Ed Monreal is urging service contractors to recognize their employees for these simple acts or achievements.

"Take care of them because they set good examples," Monreal said. ***(PNA)***



**HONEST WORKER. Jeffrey Almoguerra** (in pink uniform) surrenders the envelope containing US dollar bills he recovered to the airport's lost and found section on Tuesday (Jan. 15). ***(Photo courtesy of Manila International Airport Authority)***

## BUHAY-KARERA



MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com

## METRO TURF, MAGSASARA?

Mainit na naging usapan ng mga karerista ang napabalitang pagsasara o paghinto ng pakarera sa MetroTurf sa Malvar, Batangas.

